



alibaba.com



## GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG SITAW



certifiedfarmersmarket.com

Ang sitaw (*Vigna unguiculata* L.) Walp. cv. group Sesquipedalis ay ang pinakasikat sa mga mabubutong gulay. Ito ay mahalaga hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang parte ng Asya. Nangunguna ang Gitnang Luzon, Lambak ng Cagayan, at Rehiyon ng Davao sa produksyon ng sitaw sa Pilipinas. Kadalasang mahahaba at kulay berde ang bunga nito ngunit mayroon ding mga kulay lila. Masagana ito sa mga bitaminang A at C, *calcium*, *folate*, *phosphorus*, at *potassium*. Ang mga murang bunga ay maaaring igisa, pasingawan, o ihalo sa ibang gulay.



### PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Nabubuhay ang sitaw sa maasim na lupa subalit mainam ang pH na 5.5-7.5. Kailangan din ng buhaghag na lupa na hindi masyadong mataas ang nitroheno sapagkat maaaring dumami ang mga dahon at kakaunti ang maging bunga nito. Maiam itanim ito sa mga lugar na may temperatura na 20-35°C. Maaari itong itanim anumang buwan ng taon ngunit kadalasang ginagawa ang pagtatanim sa buwan ng Oktubre at Nobyembre para sa mas maraming bunga.

### PAGPILI NG BINHI

Ang mga binhing maaaring gamitin sa organikong pagtatanim ay CSL 19, Sandigan, at Acc 228. Ayon sa pag-aaral ng Department of Science and Technology -Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD), may mga bagong binhi rin na may potensyal sa organikong produksyon at ang mga ito ay ang 0116-1-1-0-0, 1096-1-1-0-0, 10421-0-0, at 0801-5-1-1-0.



### PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng dalawang beses. Para sa pagtatanim ng isang hanay lamang, gumawa ng mga tudling na may pagitan na 0.75 – 1.0 m at maghukay ng mga butas o tundos sa mga tudling na may pagitan na 30 cm. Kung nais ang dalawang hanay, gumawa ng kamang taniman na may taas na 20 cm at lapad na 1m. Maghukay ng mga butas na may pagitan na 30 cm at parehong distansya sa bawat hanay. Maghalo ng binulok na dumi ng hayop o *compost* sa taniman. Maaaring gumamit ng mulch na plastik para makontrol ang pagtubo ng damo at mapanatili ang pagkabasa ng lupa.



### PAGTATANIM

Ang isang ektaryang taniman ay nangangailangan ng 10 kg na buto o 10 g kada 10 metro kuwadrado. Magtanim ng 2-3 buto bawat tundos at takpan ito ng manipis na lupa at mga pinutol na damo o dayami. Mabuting itanim ang sitaw pagkatapos ng mga gulay na ginagamitan din ng balag nang sa gayon ay makatipid.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:  
Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398  
Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank [www.pinoyrice.com](http://www.pinoyrice.com)  
[rice\\_matters](https://twitter.com/rice_matters) (twitter) | [rice.matters](https://facebook.com/rice.matters) (facebook)



## PAGLALAGAY NG BALAG

Maglagay ng balag 14 na araw pagkasibol ng mga buto. Patayong balag ang ginagamit para sa isang hanay ng pagtanim. Gumamit ng kawayan at patibayin ang mga ito sa pamamagitan ng pagtatali ng kawad na yero. Magtali naman ng *nylon* o *plastic* na tali ng 2-3 beses kahilera ng kawad. Magtali din ng plastik na tali kahilera ng kawayan na may pagitan na 25 cm. Ang 'A' na uri ng balag ang kadalasang ginagamit sa pagtanim ng dalawang hanay. Puwede ring gumamit ng mga permanenteng balag gaya ng '*madre cacao*' at '*malunggay*' bilang pangunahing balag.



Beanfly/Langaw ng sitao



Pod borer/mambubutas ng bunga



## PANGANGALAGA

Mag-aplay ng 3-5 tonelada kada ektarya na binulok na dumi ng hayop o *vermicompost*. Maaaring dagdagan ito ng organikong pataba, *manure tea*, *fermented plant juice* (FPJ), *fermented fruit juice* (FFJ), at *calcium phosphate*.

Diligan ang mga halaman araw-araw o kung kinakailangan. Iwasan ang masyadong maraming tubig na maaaring maging sanhi ng pagkabulok ng ugat. Ang kulang na tubig naman ay nagresulta sa pagkalaglag ng mga bulaklak at bunga.

Sa pamamahala sa damo, siguraduhing walang damo ang taniman sa loob ng 3 linggo. Itaas ang lebel ng lupa sa mga tudling upang matakpan ang inaplay na organikong pataba. Ang pagdadamo sa palibot ng halaman at buong taniman ay maaaring gawin subalit magtira ng ilang damo sa pagitan ng mga tudling.



## PAG-ANI

Maaari ng anihin ang mga murang bunga 50-60 araw pagkatanim depende sa laki at lutong ng bunga na kailangan sa pamilihan. Anihin ang mga bunga tuwing 3-4 na araw hanggang 30 beses sa buong panahon ng taniman. Mag-ani ng 6 hanggang 8 ng umaga para maiwasan ang pag-gaan ng mga bunga. Ilagay ang mga bunga sa lilim at ingatan para maiwasan ang pagbaba ng kalidad ng mga ito.

## REFERENCES

Bureau of Agricultural Research. 2012. Pole Sitao. AgFishTech Portal: Vegetables. Petsa ng pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa <http://www.bar.gov.ph/agfishtech-home/crops/207-vegetables/1298-polesitao>.

Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development. 2014. Organic Pole Sitao Production (Pulyeto). PCAARRD Information Bulletin No. 42.

Mamari VR, Sicat SR, Sison E, Buño TS. 2013. Pole Sitao Production Guide. Department of Agriculture – Bureau of Plant Industry (DA – BPI). 14p. Petsa ng pagdownload: Setyembre 08, 2015 mula sa [http://bpi.da.gov.ph/pdf/publication/production\\_guide/PRODUCTIONGUIDE-POLESITAO.pdf](http://bpi.da.gov.ph/pdf/publication/production_guide/PRODUCTIONGUIDE-POLESITAO.pdf).

Lawrence JH, Moore LM. Plant Guide, Yardlong Bean *Vigna unguiculata* (L.) Walp. ssp. *sesquipedalis* (L.) Verdc. United States Department of Agriculture – Natural Resources Conservation Service (USDA-NRCS). 4p. Petsa ng pagdownload: Setyembre 08, 2015 mula sa [http://plants.usda.gov/plantguide/pdf/pg\\_viuns2.pdf](http://plants.usda.gov/plantguide/pdf/pg_viuns2.pdf).

Ang mga impormasyon sa babasahing ito ay hindi pagmamay-ari ng PhilRice. Ang mga ito ay maaaring kinuha ng buo o isinalaysay sa sariling paliwanag mula sa pinaghalawan.

Ang copyright ay mananatili sa orihinal na pinaghalawan.



## PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang mga peste ng sitaw ay dapulak (*Aphids craccivora*), langaw ng sitaw (*Ophiomyia phaseoli*), tipaklong, mambubutas ng bunga, at *leaf miner*. Mag-spray ng katas ng sili (100 g ng dinurog na sili sa 16 L ng tubig) para sa dapulak samantalang mabisa naman ang tinunaw na sabon (4 na kutsara sa 16 L ng tubig) laban sa langaw ng sitaw at tipaklong. Ang pagdadagdag ng *Metarrhizium* sa tinunaw na sabon ay nakakatulong din upang makontrol ang huli.

Para sa mambubutas, magkalat ng earwigs at maaaring mag-spray ng nabibiling *Bacillus thuringiensis*. Magtanim ng mga halaman na makakataboy sa mga peste. Halimbawa ng mga ito ay basil, sibuyas, at amariyo. Panatilihin din ang mga kaibigang kulisap at ang mababang populasyon ng damo.

Ang mga pangunahing sakit naman ay *pole sitao mosaic virus*, *cowpea rust*, at pagkabulok ng ugat dulot ng *Fusarium*. Sa pamamahala ng mga ito, magtanim ng mga binhing may panlaban sa sakit kagaya ng CSL-19. Tanggalin ang mga dahong may sakit at magtanim ng ibang uri ng gulay maliban sa sitaw sa susunod na panahon ng taniman.